



OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon

Telepono: (632) 981-8500 local 8600, 8601; (632) 928-2947

Email: ovcca.updiliman@up.edu.ph

Website: ovcca.upd.edu.ph



Ika-14 ng Oktubre, 2019

Memorandum Blg. JECL – 19 – 54

Para Sa : Mga Kasapi ng Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Paksa : Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Lingkod Komunidad

Gaganapin sa ika-21 hanggang ika-28 ng Pebrero, 2020 ang Linggo ng Parangal ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sa panahong ito, paparangalan ang mga natatanging guro, mananaliksik, kawani, at mag-aaral ng Unibersidad. Magbibigay din ng parangal sa Natatanging Lingkod Komunidad.

Kaugnay nito, binubuksan natin ang nominasyon para sa 2020 Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad. Maaaring maging nominado sa kategoryang ito ang isang indibidwal, grupo, o anumang organisasyon na naglilingkod sa mga komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Bukas ang nominasyon mula ika-15 ng Oktubre hanggang ika-2 ng Disyembre, 2019.

Magiging pamantayan sa pagpili sa *Natatanging Lingkod Komunidad* ang mga sumusunod:

- I. **Kalidad ng Serbisyong Naibigay sa Komunidad (40%).** Magbigay ng listahan ng mga naisagawang proyekto at aktibidad sa nakaraang dalawang (2) taon. Isama sa write-up ang haba ng oras at dami ng lakas-tao na nailaan sa komunidad.
- II. **Epekto ng Paglilingkod sa Komunidad (40%).** Ito ay patungkol sa mga pagbabago na naganap sa komunidad dulot ng serbisyo ng Lingkod Komunidad. Isama rin sa write-up kung gaano karami ang nagbenepisyo sa mga proyekto, aktibidad at iba pang serbisyo. Magbigay ng katibayan na naging sustainable ang mga proyektong nasimulan.
- III. **Pagiging Katangi-tangi at Pagkamalikhain (20%).** Mas bibigyan ng pahalaga ang mga proyektong malikhain at di-pangkaraniwan.

Kailangang makapagsumite ng *write-up* na may kaugnayan sa naging kontribusyon sa komunidad, inisyatiba at naipagkaloob na serbisyong may kinalaman sa kapaligiran, kalusugan, seguridad, kapayapaan, kaayusan, kultura at/o iba pa. Mangyaring isulat sa hindi lalapas sa tatlong (3) pahina ng A4 *bondpaper*, gamit ang *Arial font, size 11, single space*, kung bakit karapat-dapat na kilalanin ang isang indibidwal, grupo o anumang organisasyon bilang *Natatanging Lingkod Komunidad*. Maglakip ng mga katibayang dokumento.

4

Ang magwawagi bilang *Natatanging Lingkod Komunidad* ay mabibigyan ng sertipiko at gantimpalang nagkakahalaga ng Php130,000.000. Bukod dito, mabibigyan din ng Php40,000.00 ang komunidad na kanyang pinaglaanan ng serbisyo.

Isumite ang nasagutang kalakip na *Pormularyo ng Nominasyon*, kasama ang mga katibayang dokumento, sa *Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad* bago ang ika – 5:00 ng hapon sa ika-2 ng Disyembre, 2019 (Lunes).

Kung may karagdagang katanungan, tumawag lamang kay Hazel Desierto sa *Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad* sa telepono bilang 8928 2947 o 8981 8600 o mag-email sa ovcca.updiliman@up.edu.ph.

Maraming salamat.



JOSE ERNIE C. LOPE

Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad
at Tagapangasiwa, *Ad Hoc Committee* para sa Seleksyon ng
2020 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad

2020 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad

Pormularyo ng Nominasyon

Pangalan ng Nominadong Indibidwal o Organisasyon:

Kolehiyo o Yunit o Organisasyon :

Address ng Indibidwal o Organisasyon:

Telepono: _____

Email: _____

Kasalukuyang Posisyon, Ranggo o Tungkulin ng Nominado: _____

Bilang ng Benepisyaryo mula Enero 2018 hanggang Disyembre 2019: _____

Komunidad kung saan Naglingkod (Address/Sektor): _____

Bilang ng Oras na Naibibigay kada Buwan: _____

Dalas ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad: _____

Bilang ng Taon ng Pagbibigay Serbisyo: _____

Pangalan ng Nagnomina: _____

Lagda ng Nagnomina: _____

Petsa ng Pagpirma: _____